

Bakit ang paggamit ng mga tagapamagitan sa pagsamba sa Lumikha ay nagdudulot ng walang hanggang kaparusahan sa impiyerno?

Sa batas ng tao, kilala na ang pagsira sa karapatan ng hari o isang pinuno ay hindi maikukumpara sa ibang mga krimen. Ano pa kaya ang tungkol sa karapatan ng Hari ng mga hari? Ang karapatan ng Diyos sa Kanyang mga alipin ay dapat Siya lamang ang sambahin. Sinabi ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan): "Ang karapatan ng Diyos sa Kanyang mga alipin ay sambahin Siya at huwag magtambal sa Kanya ng anumang... Alam mo ba kung ano ang karapatan ng mga alipin sa Diyos kapag ginawa nila ito? Sinabi ko: Ang Diyos at ang Kanyang Sugo ang nakakaalam. Sinabi niya: Ang karapatan ng mga alipin sa Diyos ay hindi Niya sila parusahan."

Isipin natin na nagbigay tayo ng regalo sa isang tao at pinasalamatan niya ang ibang tao para dito. Ganito rin ang sitwasyon ng mga tao sa kanilang Lumikha. Binigyan tayo ng Diyos ng hindi mabilang na biyaya, ngunit pinasasalamatan ng mga tao ang iba. Sa lahat ng pagkakataon, ang Diyos ay walang pangangailangan sa kanila.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.e-quran.com/qa/tl/show/8/>

Arabic Source: <https://www.e-quran.com/qa/ar/show/8/>

Wednesday 24th of June 2026 10:52:44 AM